# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Filipino Baitang 3
## Ikaapat na Markahan

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Aralin 1: Bagong Salita sa Salitang-ugat: Narito Ako

**A. Panimula**

Babasahin ng mga mag-aaral ang mga pangkat ng salita.

| **Pangkat 1** | **Pangkat 2** |
|---|---|
| ako | maganda |
| anak | hipuin |
| bago | humawak |
| gamot | umupo |
| hindi | matulog |

Mga Tanong:

- Suriin ang mga salita sa pangkat 1. Kung hahatiin ang mga ito, may makukuha bang buong salita?
- Sa pangkat 2, kung ihiwalay ang <u>ma</u> sa *ganda* at *tulog*, buo pa ba ang salitang nakahilig?
- Ano ang tawag sa mga salitang hindi maaaring hatiin pa? Sa mga salitang maaaring hatiin? Ano ang tawag sa nakakabit sa buong salita?

**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Ang **salitang-ugat** ay ang pinakasimpleng salita na nagmumula sa mahabang salita.

*Pakikinig*: Ipabasa sa mga mag-aaral ang akda na kanilang kopya.

**Narito Ako**

"Wendy, ano't hindi ka pa natitinag sa pagkakahiga mo? Tanghali na. Bumangon ka na. Alalahanin mo ang tagubilin ng nanay bago siya umalis kagabi," wari'y naiinis na wika ni Noemi.

Sapo ang noong sumagot si Wendy. "Ate Noemi,

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naisasagawa ang mapanuring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan

**Pamantayang Pagganap:**

Nagagamit ang malawak na kasanayan sa wika upang masagot ang mga tanong sa tekstong binasa

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Napagyayaman ang talasalitaan sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga bagong salita mula sa salitang-ugat
2. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa tekstong binasa
3. Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita paggamit ng mga palatandaang nagbibigay ng kahulugan (*context clues*)

hipuin mo nga ako. Sobrang sakit ng ulo ko. May lagnat yata ako." "Naku, ang init mo nga! Mataas ang lagnat mo," bulalas ni Noemi. "Kapapasok pa lamang ng tatay sa trabaho. Pero huwag kang mag-alala. Pangako. Ako ang mag-aasikaso sayo."

"Ate Noemi, hindi ko kayang tumulong sa iyo sa paggawa ng mga gawaing-bahay," naiiyak na usal ni Wendy. "Huwag mo nang isipin iyon. Ako ang gaganap ng mga iyon," sagot ni Noemi. "Pero ikaw muna ang uunahin ko. Diyan ka muna. Magsasalang ako ng lugaw para mainitan ang sikmura mo. Maya-maya, tatawag ako kay Dr. Sison. Itatanong ko kung anong gamot ang puwede kong ipainom sa iyo pagkakain mo ng almusal. Matulog ka muna uli. Gigisingin kita kapag luto na ang lugaw."

Hindi nag-aksaya ng panahon si Noemi. Habang hinihintay na maluto ang isinalang na lugaw, tumawag siya sa telepono sa doktor ng pamilya. "Hello! Magandang umaga po. Si Noemi po ito. Anak po ako ni Mrs. De Villa. Puwede ko po bang makausap si Dr. Sison?"

"Hello! Magandang umaga naman. Si Dr. Sison na ito. Ano ang pakay mo sa akin, Noemi?" tanong ng doktor. "Wala po kasi si Nanay. E, mainit na mainit po ang katawan ng kapatid kong si Wendy. Ano po kaya ang gamot na puwede kong ipainom sa kanya?" ani Noemi.

"Puwede mo muna siyang painumin ng *antipyretic*. Isang tablet tuwing apat na oras. Pero mas mabuti kung masusuri ko siya para matiyak ang tunay na sanhi ng kanyang lagnat," paliwanag ng doktor. "Darating na po si Nanay mamayang hapon. Ipaaabot ko po sa kanya ang sinabi ninyo. E, Dok, pupunasan ko po si Wendy ng bimpong binasa ng tubig mula sa gripo. Makatutulong po iyon para mapababa ang lagnat niya, di po ba?"

"Tama iyon. Natutuwa ako sa iyo, Noemi. Kayang-kaya mong mag-alaga ng maysakit. Pero kung patuloy na lalagnatin si Wendy, dalhin na ninyo siya sa aking klinika," ani Dr. Sison. "Maraming salamat po, Dok," sambit ni Noemi bago tuluyang ibinaba ang telepono.

kasingkahulugan/
kasalungat

4. Nagagamit ang pangkalahatang sanggunian batay sa pangangailangan



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to **www.rexinteractive.com**

Makaraan pa ng ilang sandali…

"Wendy," wika ni Noemi habang marahang tinapik sa balikat ang kapatid," susubuan kita ng lugaw. Mayroon din akong ipaiinom na gamot sa iyo. O, humawak ka sa akin. Tutulungan kitang umupo sa kama."

"Salamat, Ate, sa pag-aasikaso mo sa akin," pakli ni Wendy. "Para na ring naririto si Nanay." "Naku, hindi pa tayo tapos," tumatawang sagot ni Noemi. "Mayroon pa tayong gagawin para gumaling ka agad."

Siping Kuwento mula sa aklat na *Bagong Likha Wika at Pagbasa* (pahina 33–34) ni Esther V. Raflores

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Tukuyin ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit sa pangungusap. Isulat sa patlang ang sagot.

______________1. Bakit hindi ka pa <u>natitinag</u> sa pagkakaupo mo? Aba, maiiwan ka na ng *school bus*.

______________2. Masunuring anak si Sam. Isinasagawa niya ang bawat <u>tagubilin</u> ng kanyang nanay.

______________3. Mahigpit niyang <u>sapo</u> ang pinggan. Takot kasi siyang mabagsak at mabasag iyon.

______________4. Ano ang <u>pakay</u> mo at gusto mo raw akong makausap?

______________5. Huwag ka nang mag-alala. Ako ang <u>gaganap</u> sa iniwan mong trabaho.

3. **Kasanayang Panggramatika**

Ang mga salitang hindi na maaaring hatiin pa ay tinatawag na **salitang-ugat**.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Halimbawa: | tatay | papel | ulam |
| | gabi | salamat | kama |

Ang mga salitang maaaring makunan ng salitang-ugat ay tinatawag na **maylapi**. Panlapi ang tawag sa mga naiiwang titik o pantig matapos ihiwalay ang salitang-ugat.

4. **Pagpapayaman**

Ipasagot ang mga tanong na ito sa mga mag-aaral.

a. Ano ang wari'y ikinaiinis ni Noemi sa kanyang kapatid na si Wendy?

b. Bakit sapo ni Wendy ang kanyang ulo?

c. Ano ang pangako ni Noemi kay Wendy?

d. Ano ang agad niyang ginawa nang malamang may lagnat ang kapatid?

e. Bakit pinuri ni Dr. Sison si Noemi?

f. Ikaw, nakatulong ka na ba sa pag-aalaga ng kapatid mong may sakit? Paano mo iyon ginawa?

5. **Pagpapalawig**

Dagdagan ng panlapi ang sumusunod na mga salitang-ugat at gumawa ng pangungusap. Isulat ito sa inyong kuwaderno.

| | | |
|---|---|---|
| yaman | buo | sagot |
| ganda | payag | kapatid |



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**C. Kongklusyon**

**1. Paglalahat**

Ilahad sa mga mag-aaral ang mga salitang hindi na maaaring hatiin ay tinatawag na **salitang-ugat**. Gamit ang mga panlapi ito ay humahaba at nagiging **maylapi**.

**2. Pagpapahalaga**

Sino-sino ang nagmamahal sa kaanak na may sakit. Gumuhit ng ♡ sa patlang.

______ 1. "Dahan-dahan. Humawak ka sa aking braso. Itatayo kita."

______ 2. "Heto ang pagkain mo. Susubuan kita."

______ 3. "Tumayo ka nga riyan. Tumulong ka sa kusina."

______ 4. "Inumin mo na ang iyong gamot."

______ 5. "Pupunasan ko ang likod mo. Masamang matuyuan ka ng pawis."

**3. Takdang Aralin**

Anong sanggunian ang iyong gagamitin upang masagot ang mga tanong? Mamili sa loob ng kahon at isulat ito sa patlang.

| | |
|---|---|
| atlas | diksyonaryo |
| pahayagan | *encyclopedia* |

____________ 1. Saan makikita ang bansang Amerika?

____________ 2. Ano ang ibig sabihin ng salitang *daluyan*?

____________ 3. Saan makikita ang mga hayop gaya ng cheetah?

____________ 4. Ano ang balita tungkol sa labanan sa Lebanon?


____________ 5. Gaano kalawak ang kontinente ng Africa?

## Aralin 2: Pagsunod sa Panuto: Nang Magalit ang Inang Kalikasan

**A. Panimula**

Magpakita ng mga larawan sa mga mag-aaral.




Mga Tanong:

- Ano ang tawag sa mga nasa larawan?
- Paano mo sinusunod ang mga ito?
- Ano ang kahalagahan ng pagsunod sa mga ito?

**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Ang mga **panuto** ay nagsasaad ng direksiyon upang maisagawa ng maayos ang isang gawain.

*Pakikinig*: Babasahin sa klase ng mga mag-aaral ang akda na kanilang kopya.

### Nang Magalit ang Inang Kalikasan

"Hindi ba nila nauunawaan na sa akin lahat nagmumula ang kanilang ikinabubuhay, ang mga ipinapakain nila sa kanilang mga pamilya at ang ikinagaganda ng kanilang tinitirhan," mababang tinig ni Inang Kalikasan. "Ang hangin ay nagmula sa akin upang kanilang langhapin ang bangong mula sa mga bulaklak sa paligid. Ang tubig ay aking handog upang hindi mauhaw ang bawat nilalang. Ang mga puno ay nagsisilbing palamuti sa mga kagubatan at tirahan ng mga hayop na ako rin ang may lalang.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang iba't ibang kasanayan upang maunawaan ang teksto

**Pamantayang Pagganap:**

Nakasusunod sa panutong ibinibigay ng guro sa lahat ng gawaing pampagkatuto

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nakasusunod sa panuto
2. Nakapaglalarawan ng mga bagay, hayop, tao, at lugar sa pamayanan
3. Nagagamit nang wasto ang silid-aklatan para sa nakalimbag na kagamitan at *electronic* na kagamitan
4. Naipahahayag ang sariling opinyon o reaksiyon sa isang napakinggang isyu o usapan


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Ngunit ano ang kanilang ginawa? Kinalbo ang berdeng kabundukan, pinatay ang mababangis at maaamong hayop, pinaitim ang hangin, at ang tubig ay hindi na maaaring inumin. Wala silang utang na loob kahit kaunting malasakit man lamang! Dapat nilang tigilan ang pang-aabusong ginagawa nila sa kanilang nag-iisang mundo," panaghoy ng nagdurusang ina. "Ulan, bumuhos ka nang malakas at walang humpay hanggang sa bumaha sa mga kabukiran at daanan. Kailangang makita nila ang kahalagahan ng mga puno at halaman. Kulog at kidlat, sabay kayong mag-ingay hanggang sila ay matakot at mabingi. Hangin, umihip ka nang ubod-lakas hanggang sa sila ay magsisi. Bulkan, ipakita mo ang tunay mong lakas sa sangkatauhan. Ito ang aking tugon sa kanilang walang habag na pag-ubos at pagsira sa aking likas na yaman," utos ng Inang Kalikasan.

Lumipas ang mga araw ngunit patuloy pa rin ang ganti ng kapaligiran. Wala nang makain ang mga tao, marami ang nagkakasakit at namamatay. Isang araw, nagkaisa ang mga tao at lumapit sila kay Inang Kalikasan upang humingi ng tawad sa kanilang pagkakamali. "Kami po ay lubos na nagsisisi sa aming mga nagawang kasalanan at mga pagkukulang. Kung inyong mamarapatin ay itigil na ang paghagupit ng bagyo, pagyanig ng lupa, at pagsabog ng bulkan dahil marami na ang nahihirapan," anang pinuno ng mga tao.

"Iyan ay aking gagawin kung makikita ko ang pagbabago sa mga tao. Pagyamanin ang karagatan, proteksyonan ang kagubatan at lahat ng nakatira rito. Linisin ang mga anyong tubig, maliit man o malaki at mahalin ang hangin," utos ng sugatang kalikasan.

"Kung iyan ang nararapat ay handa kaming sumunod," nakayukong wika ng tagapagsalita. Tumigil ang ulan, tumahimik ang bulkan, at nawala ang pagyanig ng lupa. Kasunod nito'y ang inaasahang pagbabago. Ang mga tao'y nagtanim ng mga puno sa gubat, itinigil ang paghuli at pagpatay sa mga

hayop, nilinis ang mga anyong tubig at isinara ang mga pabrikang nagbubuga ng maitim na usok. Mula noon ay namuhay nang matiwasay ang mga tao sa piling ng mapagmahal na Inang Kalikasan.

Siping Kuwento mula sa aklat na *Daluyan* (pahina 141–142)
Thelma A. Alngog et al. (Awtor) Benjamin O. Dayo (Tagapagugnay)

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Ipagawa sa mga mag-aaral: Tukuyin ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit. Isulat ang sagot sa patlang.

__________ 1. Tumalikod lang ako sandali, <u>nakasampa</u> ka na agad sa mesa.

__________ 2. Ang pamamahinga ng maysakit ay <u>nabalam</u> nang magulat siya sa sabay-sabay na pagsigaw ng bata.

__________ 3. Naging bingi ang lalaki sa <u>pagsusumamo</u> ng pulubi. Hindi siya nagbigay kahit singko sentimos.

__________ 4. Baku-bako na, maputik pa ang <u>binabagtas</u> ng bus patungong probinsiya.

__________ 5. Salamat at <u>mapagkalinga</u> ang taong nakakita sa naaksidenteng bata.

**3. Pag-unawa sa Binasa**

Upang matiyak ang pagkaunawa ng mga mag-aaral sa binasang teksto, ipasagot ang mga tanong.

a. Ayon sa kuwento, ano ang mangyayari sa kalikasan?

b. Ano ang ipinadala ni Inang Kalikasan? Ilarawan ito.


Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

c. Paano ipinakita ng mga tao ang kanilang pagsisisi?

d. Anong ganti ang ipinakita ni Inang Kalikasan sa pagbabago ng mga tao?

e. Kung ikaw si Inang Kalikasan, paano mo ipakikita ang iyong poot? Ang iyong pagpapatawad?

**4. Kasanayang Panggramatika**

a. Ang salitang naglalarawan ay nagbibigay ng malinaw na deskripsiyon sa bagay, tao, hayop, lugar, at pangyayari. Nailalarawan natin ang ating mga nakikita, nahahawakan, naririnig, nalalasahan, naaamoy, at nararamdaman:

Ang mga salita sa talahanayan ang halimbawa ng mga salitang naglalarawan:

| nakikita | naririnig | nalalasahan |
|---|---|---|
| maganda | maingay | masarap |
| madumi | mahina | malinamnam |
| maliwanag | nakabibingi | mapait |

| naaamoy | nahahawakan | nadarama |
|---|---|---|
| mabango | matigas | masakit |
| mabaho | magaspang | mahapdi |
| mahalimuyak | makinis | masaya |

b. Ilarawan mo ang iyong kapaligiran o ang kalikasan sa iyong lugar.

ilog dagat kalye bundok hangin

5. **Pagpapalawig**

a. Ipasagot sa mga mag-aaral at sundin ang panuto sa bawat bilang.

1) Sino ang kaibigan mo sa inyong klase na nagpapahalaga sa kalikasan? Isulat ang pangalan niya sa loob ng isang ulap.

2) Gumuhit ng isang kahon. Sa loob nito ang pahayag na "Bawal Magtapon ng Basura Dito." Lagyan ng larawan ng basura. Maaaring ginuhit o ginupit na larawan.

b. Iparinig sa mga mag-aaral ang awiting "Masdan mo ang Kapaligiran" sa *link* na https://www.youtube.com/watch?v=kipSRk3z91k at ibigay ang iyong opinyon tungkol sa sumusunod na mga pahayag.

1) "Hindi masama ang pag-unlad kung hindi nakakasira ng kalikasan"

2) "Tingnan mo ang tubig sa dagat, dating kulay asul ngayon naging itim"

3) "Ang mga batang ngayon lang isinilang may hangin pa kayang matitikman"

4) "Bakit di natin pag-isipan ang nangyayari sa ating kapaligiran"

5) "Lahat ng bagay na narito sa lupa biyaya galing sa Diyos kahit noong ika'y wala pa"

6) "Ingatan natin at wag nang sirain pa dahil kung Kaniyang binawi tayo'y mawawala na"

## C. Kongklusyon

1. **Paglalahat**

Ang pagsunod sa panuto ay nakatutulong upang wastong magawa ang isang gawain, kahit na ito ay pasalita o pasulat.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Ang paglalarawan ay isang malinaw na deskripsiyon sa ating mga nakikita, naririnig, naaamoy, nalalasahan, nahahawakan, at nadarama.

Ang kalikasan ay nangangailangan ng ating pagpapahalaga at pag-aalaga.

**2. Pagpapahalaga**

Ipagawa: Bilugan ang bilang ng pangungusap na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kalikasan.

1. Sumama sa mga programa gaya ng "Tapat Ko, Linis Ko."
2. Makipagtulungan sa mga *scout* na nagtatanim ng mga puno sa mga kagubatan.
3. Manira ng halaman ng mga kapitbahay.
4. Magtanim ng mga halamang gulay sa likod-bahay.
5. Apakan ang mga bagong tanim na puno.

REX iNTERACTIVE The online educational portal for teachers, students, and parents

## Aralin 3: Pagbasa ng mga Salitang Hiram

**A. Panimula**

Tingnan ang mga pangkat ng salita sa ibaba:

| **Pangkat 1** | **Pangkat 2** |
|---|---|
| anak pawis | *jug* |
| kapitbahay | *violin* |
| hinalong kalamay | *xerox* |
| malaking isda | *zipper* |

**Mga Awiting Pambata**

**Leron, Leron Sinta**

Leron, Leron sinta
Buko ng papaya,
Dala-dala'y buslo
Sisidlan ng bunga,
Pagdating sa dulo'y
Nabali ang sanga
Kapus kapalaran
Humanap ng iba.

Gumising ka, Neneng,
Tayo'y manampalok,
Dalhin mo ang buslo
Sisidlan ng hinog;
Pagdating sa dulo'y
Lalamba-lambayog
Kumapit ka, Neneng
Baka ka mahulog.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naisasagawa ang mapanuring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan

**Pamantayang Pagganap:**

Nagamit ng wasto ang mga kasanayan sa paggamit ng wika sa pagbasa

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nababasa ang mga salitang hiram
2. Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan
3. Nagagamit ang malaki at maliit na letra at mga bantas sa pagsulat ng mga salitang natutuhan sa aralin, mga salitang katutubo, at salitang hiram


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**Paru-parong Bukid**

Paruparong bukid na lilipad-lipad
Sa gitna ng daan papagapagaspas
Sambara ng tapis, sangdangkal ang manggas
Ang saying de kola sampiyesa ang sayad
May payneta pa siya, Uy!
May suklay pa man din Uy!
Nagwas de ohetes ang palalabasin
Haharap sa altar, Uy!
At mananalamin
At saka lalakad nang pakendeng-kendeng

**Inday sa Balitaw**

Inday, Inday sa Balitaw
Kahoy nakahapay, sandok nakasuksok,
Palayok nakataob, sinigang na matabang
Kulang sa sampalok.

Siping Kuwento mula sa aklat na *Daluyan 3* (pahina 118–119)
Thelma A. Alngog et al. (Awtor); Benjamin O. Dayo (Koordineytor)

Mga Tanong:

1. Tingnan ang mga salitang nasa pangkat 1. Ano ang tawag sa mga salitang ito?
2. Tingnan ang mga salitang nasa pangkat 2. Ano ang tawag sa mga salitang ito?
3. Ano ang pagkakaiba ng dalawang pangkat ng mga salitang ito?

**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Ipabasa sa mga mag-aaral ang akda na ibibigay.

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Ipagawa: Isulat ang titik ng kasingkahulugan ng mga salita sa hanay A mula sa hanay B.

| | A | | B |
|---|---|---|---|
| ______ 1. | pagdating | a. | nakahilig |
| ______ 2. | sisidlan | b. | pagsapit |
| ______ 3. | buslo | c. | basket |
| ______ 4. | payneta | d. | lalagyan |
| ______ 5. | nakahapay | e. | suklay |

**3. Pagpapayaman**

Ipapasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga tanong.

a. Alin sa mga awiting atin ang nagustuhan mo? Bakit?

b. Aling awitin ang inaawit para sa paglilibang?

c. Ano ang kahalagahan ng mga awiting ito sa ating pang-araw-araw na pamumuhay?

d. Paano mo mapagyayaman ang mga awiting sariling atin?

e. Bakit natin kailangang mahalin ang mga awiting sariling atin?

**4. Kasanayang Panggramatika**

Ang mga awiting-bayan na binasa ninyo ay gumagamit ng salitang Tagalog. Mga salita itong matagal nang ginagamit ng mga Pilipino. Sa kasalukuyan, marami nang salitang banyaga ang ating karaniwang naririnig, nababasa, at sinasalita, salitang hiram ang tawag natin dito.

**Salitang hiram** ang tawag sa mga salitang galing sa ibang wika. Maaaring ang mga ito ay may taglay na mga hiram na titik gaya ng c, f, j, n q, v, x, z.

Halimbawa: *xerox* *pizza*

*jogging* *zoo*



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Salitang hiram din ang tawag sa mga salitang hindi orihinal na salitang Tagalog. Mga salitang banyaga ito na walang katumbas sa Tagalog at iba pang wika sa Pilipinas kaya tinatanggap ng buo. Maaari din mga salitang dati nang may katumbas sa Tagalog at iba pang wika subalit hindi na karaniwang ginagamit sa pakikipagtalastasan.

Halimbawa: *gym* *editor* *memorandum*

**5. Pagpapalawig**

Bilugan ang hiram na salita sa bawat pangungusap.

1. Nag-order ako ng *hamburger, french fries* at *juice.*
2. Nag-*print* ako ng aking asaynment kagabi.
3. Nagalit ang coach dahil hindi nagpraktis ang mga manlalaro sa *gym*.
4. Marami ka bang alam na may xylophone?
5. Naku! Bukas ang zipper mo.
6. Napakaganda ng mga vinta sa Mindanao.
7. Alin sa mga jug na iyan ang nagustuhan mo?

**C. Kongklusyon**

**1. Paglalahat**

Ilahad sa mga mag-aaral ang salitang katutubo ang tawag sa mga salitang matagal nang ginagamit sa pakikipagtalastasan ng mga Pilipino. Mga salitang Tagalog, Iloco, Binisaya, at iba pang wika sa bansa. Ang mga **salitang hiram** ay mga salitang galing sa wikang banyaga o wika ng ibang bansa.

**2. Pagpapahalaga**

Ano-ano ang dapat mong gawin upang ipakita ang pagpapahalaga sa sariling awiting natutuhan natin mula sa ating mga ninuno?

Iguhit at kulayan ito sa loob ng puso.



**3. Takdang Aralin**

Maghanap ng awiting katutubo at awiting moderno na gumagamit ng salitang hiram. Ikumpara kung ano ang paraan ng pagpapahayag ng mensahe. Ibigay ang iyong opinyon kung ano ang mas magandang pakinggan, ang mas madaling maunawaan, at kung ano ang mas gusto mong wikang gamitin. Ipaliwanag ang iyong sagot sa loob ng dalawa hanggang tatlong talata. Siguraduhing tama ang baybay at bantas.




Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

## Aralin 4: Mga Patalastas: Basura… May Solusyon!

**A. Panimula**

Ipabasa ang sumusunod na mga salita.




Mga Tanong:

- Ano ang tawag sa mga nakasulat sa kahon?
- Bakit gumagawa ng ganito?

**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Ang **patalastas** o **anunsiyo** ay mga nakasulat sa paligid o nakikita sa telebisyon na nagbibigay impormasyon o babala.

Basahin ng mga mag-aaral ang anunsiyo.

**Pulong ng Barangay**

Panawagan sa mamamayan ng barangay Bagong Pag-asa para sa pagpupulong sa Sabado, Agosto 23 sa covered court, ganap na ika-2 ng hapon. Pag-uusapan ang mga gagawing paghahanda para sa paligsahan ng pinakamalinis, pinakanagkakaisa at pinakamaayos na barangay ng munisipalidad.

Inaanyayahan ang lahat, babae o lalake, matanda o bata na maaaring makapagbigay ng kontribusyon sa mga gawaing pangkomunidad. Lahat ng mungkahi ay pag-uusapan para sa ikapapanalo ng barangay.

Inaasahan ang inyong partisipasyon. Salamat po.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan, at damdamin

**Pamantayang Pagganap:**

Magamit nang wasto ang mga kasanayan sa wika

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nakasusulat ng isang talata
2. Naiuulat ng pasalita ang mga napanood na patalastas
3. Naisasalaysay muli ang binasang teksto nang may tamang pagkaka sunod-sunod sa tulong ng balangkas

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

2. **Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Ipasagot sa mga mag-aaral: Isulat sa patlang ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit sa pangungusap.

___________ 1. <u>Panawagan</u> sa mamamayan ng barangay Bagong Pag-asa

___________ 2. May <u>pagpupulong</u> sa Sabado, Agosto 23.

___________ 3. Pag-uusapan ang mga gagawing <u>paghahanda</u> para sa paligsahan.

___________ 4. <u>Paligsahan</u> ng pinakamalinis, maaayos at nagkakaisang barangay

___________ 5. Lahat ng <u>mungkahi</u> ay pag-uusapan.

3. **Kasanayang Pangwika o panggramatika**

Sabihin sa mga mag-aaral: **Patalastas o anunsyo** ang tawag sa mga nakasulat sa paligid o telebisyon na maaaring:

a. nagbibigay ng impormasyon

Halimbawa:

WANTED DRIVER: Tumawag sa 818-6325 o magsadya sa 146 P. Del Pilar

St., Mandaluyong City.

b. nanghihikayat

Halimbawa:

Bawal na gamot ay iwasan. Magandang buhay ay gampanan.

c. nagbebenta ng produkto

Halimbawa:

Heto na! Ang bagong sabon na tunay na magpapaputi ng inyong mga damit.

4. **Pagpapayaman**

Ipasalaysay o ipasulat muli ang binasang anunsiyo sa tulong ng banghay sa ibaba.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

**Panawagan:**

**Sino:**

**Kailan:**

**Saan:**

**Pag-uusapan:**

Itanong sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga tanong.

1. Tungkol saan ang anunsiyo?
2. Sino ang inaanyayahang dumalo?
3. Kailan at saan magaganap?
4. Para saan ang gagawing paghahanda?
5. Kung nakatira ka sa Barangay Bagong Pag-asa, dadalo ka ba sa pulong? Bakit?
6. Ano-ano ang maaari mong imungkahi para sa ikaaayos ng barangay?
7. May ganito rin bang gawain sa inyong barangay. Ibahagi mo ito sa klase.

**5. Pagpapalawig**

a. Magpagawa sa mga mag-aaral ng sariling anunsiyo. Maaaring gawaing pambarangay o pampaaralan. Isulat ito sa kahon.

b. Ipapanood sa mga mag-aaral ang patalastas na "Inakup, Arekup" https://www.youtube.com/watch?v=H7jq8ccQ450. Gawin ang sumusunod pagkatapos.

   1. Muling ikuwento ang pangyayari sa napanood na patalastas.
   2. Isulat ang pahayag ni Doc Janette.

C. **Kongklusyon**

1. **Paglalahat**

   Sabihin sa mag-aaral na ang patalastas o anunsiyo ay ginagamit upang magbigay ng impormasyon, babala, paghikayat, at pagbebenta ng produkto.

2. **Pagpapahalaga**

   Sabihin sa mag-aaral na mahalagang nagbabasa o nakikinig tayo ng anunsiyo sapagkat makatutulong ang mga impormasyong ating malalaman mula rito.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

## Aralin 5: Liham-Pangkaibigan: Ako'y Pilipino

**A. Panimula**

Ipakita ang sumusunod na mga impormasyon.

1. 257 Lauro St., Villa Catalina Subdivision
   San Agustin 3, Dasmarinas, Cavite
2. Setyembre 8, 2009
3. Mahal kong Elsie,
4. Alam mo bang hanggang ngayon ay nalulungkot pa rin ako dahil sa ating paglalayo? Kaya naman…
5. Ang iyong kaibigan,
6. Ruby

Mga Tanong:

1. Ano ang mabubuo kung pagsasama-samahin ang mga nasa itaas?
2. Anong uri ito ng liham?

**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Ang **liham o sulat** na ipinapadala sa isang kaibigan o taong malapit o kilalang kilala ay tinatawag na liham-pangkaibigan.

Babasahin sa klase ng mga mag-aaral ang liham.

257 Lauro St. Villa Catalina Subdivision
San Agustin 3, Dasmarinas, Cavite
Agosto 19, 2014

Mahal kong Kaye,

Kumusta ka na? Isang buwan na tayong hindi magkasama. Lungkot na lungkot ako rito sa San Francisco. Wala akong nakakalaro dito. Naaalala ko ang palagi nating paglalaro. Nang makita ko ang Golden Gate Bridge, namangha ako sa laki at ganda nito. Pero iba pa rin ang

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Nagkakaroon ng papaunlad na kasanayan sa wasto at maayos na pagsulat

**Pamantayang Pagganap:**

Nakagagamit ng angkop na wika upang makasipi nang wasto at maayos na sulat

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nasisipi nang wasto at maayos ang liham
2. Naipapakikita ang pagtanggap sa mga ideya ng nabasang akda o teksto
3. Nababaybay nang wasto ang mga salitang natutuhan sa aralin/batayang talasalitaan/ salitang hiram

saya na kapag naglalaro tayo ng takbuhan sa tulay-bitin diyan sa atin. Ipinasyal ako ng tiya ko sa Pier 39, doon kami sumakay ng malaking bangka para mag-*cruise*, naalala ko ang mga bangkang papel na ginagawa natin. Sa aming paglalakbay may umiikot-ikot na ibon sa amin, naaalala ko naman ang  mga kalapating alaga natin diyan. Ikumusta mo ko sa kanila ha. Kabi-kabila ang malalaking tindahan dito, pero mas namimiss ko ang *sari-sari store* ni Aling Imang. Nang minsang pumunta kami sa Lake Tahoe para makakita ng snow, nagbatuhan kami ng mga nakilala kong turista roon. Iba pa rin ang tuwa na naramdaman ko tuwing nagtatamaang bola tayo sa bakuran ng bahay niyo. Kahit magkalayo tayo, palagi kitang iniisip.

Sana matapos na ang kontrata ni Daddy dito para makauwi na kami sa Pilipinas. Mas masaya ako diyan sa atin dahil lahat ng tao ay maraming oras para sa kaibigan at kamag-anak. Miss na miss ko na kayo. Sana sumulat ka rin sa akin at magkuwento.  Hanggang sa muli.

Ang iyong matalik na kaibigan,

Krizzie

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Ipagawa sa mga mag-aaral: Isulat ang kasingkahulugan ng mga salitang may salungguhit sa mga patlang.

_______________ 1) Namangha ako sa laki at ganda.

_______________ 2) Naglalaro tayo ng takbuhan sa tulay-bitin.

_______________ 3) Sa aming paglalakbay may umiikot-ikot na ibon sa amin.

_______________ 4) Kabi-kabila ang malalaking tindahan dito

_______________ 5) Nagbatuhan kami ng *snow* ng mga nakilalala kong turista roon.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

Ipagawa sa mga mag-aaral: Isulat naman ang mga salitang hiram na ginamit sa liham.

a. ________________________________

b. ________________________________

c. ________________________________

**3. Kasanayang Pangwika at Gramatika**

Ang **liham o sulat** na ipinapadala sa isang kaibigan o taong malapit o kilalang-kilala ay tinatawag na liham-pangkaibigan.

Iba-iba ang uri ng liham-pangkaibigan. Ang tatlo sa mga ito ay pagbabalita, paanyaya, at pasasalamat.

May limang bahagi ang isang liham-pangkaibigan.

a. Pamuhatan – tirahan ng sumulat at petsa nang isulat ang liham.

b. Bating Panimula – pagbati ng sumulat sa sinulatan.

c. Katawan ng Liham – lahat ng sinasabi ng sumulat sa sinulatan.

d. Bating Pangwakas – pagpapaalam ng sumulat sa sinulatan.

e. Lagda – pangalan ng sumulat.

Gumagamit ng malaking titik sa mga pangngalang pantangi at unang salita sa bawat pangungusap sa liham. May kuwit sa hulihan ng bating panimula at bating pangwakas.

**4. Pagpapayaman**

Itanong sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga tanong:

a. Taga saan ang sumulat?

b. Taga saan ang sinulatan?

c. Ano ang relasyon ng sinulatan at ng sumulat?

d. Ano ang nilalaman ng liham?

e. Sumasang-ayon ka ba kay Krizzie na mas masayang tumira sa Pilipinas kaysa ibang bansa? Ipaliwanag ang iyong sagot.

f. Kung ikaw ay nasa ibang bansa tulad ni Krizzie, ano ang mami-miss mo sa Pilipinas? Bakit?

**5. Pagpapalawig**

Ipagawa sa mga mag-aaral: Isulat ng wasto ang sumusunod na mga bahagi ng liham.

a. disyembre 17, 2009
biñan, laguna

b. ang iyong kamag-aral

c. charles

d. kaarawan ko sa lingo
aasahan ko ang iyong
pagdalo

e. mahal kong james

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

## C. Kongklusyon

**1. Paglalahat**

Ang liham o sulat na ipinapadala sa isang kaibigan o taong malapit o kilalang-kilala ay tinatawag na liham-pangkaibigan. May limang bahagi ang isang liham-pangkaibigan. Ito rin ay may iba-ibang uri: pagbabalita, paanyaya, at pasasalamat.

**2. Pagpapahalaga**

Sabihin sa mga mag-aaral na ang patuloy na pakikipag-usap sa isang taong mahalaga sa iyo ay nakatutulong upang mapalalim ang inyong ugnayan kahit magkalayo. Ang liham, mapa-koreo man o elektronik ay isang mabisang paraan ng pakikipagkumustahan sa


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

iyong kaibigan. Nakatutulong din ito sa nasa malayo na makabalita ng tungkol sa iniwang bayan at mga kakilala.

**3. Takdang Aralin**

Sabihin ding ibahagi nila ang paraan ng kanilang pakikipag-usap sa nasa malayong lugar at paano ito nakatutulong sa kanila.

Ipagawa sa mga mag-aaral: Narito ang isang liham-pagbabalita. Iwasto at iaayos ang mga bahagi nito sa inihandang balangkas sa ibaba.

a. 18 margarita St.
   peñaranda, nueva ecija
   agosto 25, 2014

b. denise

c. mahal kong joyce

d. ang iyong kaibigan

e. noong huli akong lumiham sa iyo ay naibalita kong nasa Cotabato kami. Ngayon nasa Zamboanga na kami. Hangang-hanga ako sa magagandang bulaklak sa Pasonanca Park na aming pinasyalan. Hayaan mo patuloy akong susulat sa iyo.

______________________
______________________
______________________

______________________

__________________________________________________
__________________________________________________
__________________________________________________
__________________________________________________

______________________
______________________